## Ano ang magagawa ng mga dayuhang naninirahan？



- Batiin natin nang may galak ang bawat isa
- Makipag-usap tayo gamit ang *Nihongo* na madaling maunawaan
- Matutunan ang *Nihongo* gayun din ang sistema at mga panuntunan ng Japan
- Sama-samang lumahok sa kaganapan ng komunidad

## Ano ang magagawa ng mga mamamayang Hapon？

- Batiin natin nang may galak ang bawat isa
- Gamit ang *Yasashii Nihongo* (Easy Japanese), makipag-usap tayo sa paraang madaling maunawaan
- Tulungan ang mga nangangailangan ng tulong sa ating paligid
- Hikayating lumahok sa mga kaganapan ng ating komunidad ang ibang tao

## Ano ang magagawa ng mga Kumpanya at mga Tanggapan?

- Gamit ang *Yasashii Nihongo* (Easy Japanese), makipag-usap sa paraang madaling maunawaan
- Alamin natin ang kultura at kaugalian sa bansa ng ating mga mangagawa
- Ituro sa ating mga mangagawa ang *Nihongo* gayundin ang mga sistema at mga panuntunan ng Japan
- Tulungan at suportahan ang mga dito sa Minokamo lumaki at nakapag-aral


### Minokamo City

Department of Local Collaboration,
Community & Town Development Division,
Multicultural Coexistence Promotion Office

Minokamo City Hall, *Eki Minami Bunshitsu*
〒505-0041 *Minokamo-shi Ota-cho* 1752-1 *Noritake Biru* 1st Flr.
（TEL）0574-42-6262　（FAX）0574-28-1979




# Buod ng Ika-4 na Plano sa Pagsusulong ng Multicultural Coexistence ng Minokamo City

## Hangarin

Isang komunidad na ang mga naninirahang Hapon at dayuhan ay magkasamang natututo, nag-iisip at humuhubog ng magandang kinabukasan

## Tungkulin

① Gawing mas ligtas ang lungsod upang makapamuhay nang protektado at panatag ang mga naninirahang dayuhan

② Hubugin natin ang lungsod upang ito ay magkaroon ng magandang kinabukasan at ang mga naninirahang Hapon at dayuhan ay magkasama at aktibong nakakalahok sa mga gawain nito

③ Hubugin ang lungsod upang ang mga bata man o matatanda, lahat ay may magandang kinabukasan na maaasahan



# Programa / Plano ng mga Hakbangin ng Lungsod ng Minokamo

| | | |
|---|---|---|
| ① Tumulong sa Pagpapadali ng Komunikasyon | 1. Maghatid ng impormasyon sa paraang madaling maunawaan | (1) Ang impormasyon at mga tuntunin ng Lungsod ay ihahatid sa iba't ibang wika kabilang ang *Yasashii Nihongo* (*Nihongo* na madaling maunawaan) Ipapalaganap ang mga ito sa pamamagitan ng Opisyal na Website, Newsletter ng Lungsod (bersyon ng Wikang Banyaga), Social Media, E-mail, atbp<br>(2) Gagamit ang mga kawani ng Lungsod ng mga Translation Apps at *Yasashii Nihongo* sa mga Counter ng City Hall<br>(3) Ang mga anunsyo at impormasyon mula sa City Hall ay ihahatid gamit ang *Yasashii Nihongo* |
| | 2. Ituro ang *Nihongo*, mga Batas sa Lipunan at Kultura ng Japan | (1) Tulungan ang mga dayuhang naninirahan na matutunan ang *Nihongo*, pati ang patakaran ng Japan at Minokamo City<br>(2) Tulungan ang mga residenteng Hapones na matuto ng mga banyagang wika at kultura pati na rin ang paggamit ng *Yasashii Nihongo* |
| ② Tulong sa Pang Araw-Araw na Buhay | 3. Gawing mas madali para sa mga dayuhang residente ang manirahan sa Minokamo City | (1) May "One-Stop Consultation Counter para sa mga Dayuhang Mamamayan" para sa anumang bagay na nais i-konsulta<br>(2) Medical Checkups, Health Consultations, Child-Rearing Consultation, atbp. na serbisyo ay matatanggap sa iba't ibang wika kabilang ang *Yasashii Nihongo*<br>(3) Magpapamahagi din ng maraming impormasyong kapaki-pakinabang para sa pang-araw-araw na buhay |
| | 4. Tumulong sa pag-aaral ng mga batang galing ibang bansa o mga may banyagang pinagmulan | (1) Magdaos ng mga 'Pre-school Program' para sa mga bata bago sila pumasok sa Elementarya<br>(2) Magbukas ng "Nozomi Class" at "International Class" para sa mga mag-aaral sa Elementary School at Junior High School<br>(3) Tumulong sa pag-aaral ng *Nihongo* sa iba't ibang uri ng silid-aralan<br>(4) Magsagawa ng 'Career Education' (upang matulungan ang mga mag-aaral na mahanap ang kanilang mga layunin at pangarap)<br>(5) Ibahagi sa mga magulang ang mga impormasyon tungkol sa edukasyon ng kanilang mga anak |
| | 5. Gawing mas madali para sa mga dayuhang residente ang makapag-trabaho | (1) Makipagtulungan sa mga kumpanya at paaralan upang makapagbigay ng impormasyon tungkol sa Trabaho at gawing mas madali para sa mga kabataan na makapagtrabaho sa Minokamo City<br>(2) Hingin ang pang-unawa ng mga mamamayang Hapon at tiyaking ang mga dayuhang mamamayan ay hindi nakararanas ng diskriminasyon sa trabaho |
| | 6. Gawing mas madali para sa mga dayuhang naninirahanan ang makatanggap ng pangangalagang medikal at Welfare Services | (1) Magbigay ng impormasyon sa paraang madaling maunawaan kaugnay sa serbisyo Medikal, Welfare, Nursing Care Insurance, atbp<br>(2) Maglagay ng pagsasalin (*tsuuyaku*) sa iba't ibang wika sa mga ospital at pasilidad ng welfare upang ang mga dayuhang mamamayan ay makinabang sa mga serbisyong ito nang walang alalahanin<br>(3) Tumulong sa pagsasanay ng mga kawani sa mga ospital at pasilidad ng welfare ang paggamit ng *Yasashii Nihongo* at pag-unawa sa kultura ng ibang bansa |
| | 7. Ituro ang Crime Prevention at Traffic Rules sa mga dayuhang residente | (1) Kasama ang mga kawani ng Pulisya, magbabahagi ng impormasyon sa Pag-iwas sa Krimen at Batas Trapiko sa paraang madaling maunawaan<br>(2) Magbabahagi din, partikular sa mga bata, ng impormasyon sa Pag-iwas sa Krimen at mga Batas Trapiko sa iba't ibang wika kabilang ang *Yasashii Nihongo* upang tiyakin na sila ay ligtas |
| | 8. Tumulong sa mga Paghahanda sa Kalamidad (Lindol, Bagyo, Malakas na Ulan, atbp. ) | (1) Maghatid ng impormasyon ukol sa pagtugon sa sakuna at mga lokasyon ng evacuation shelter sa iba't ibang wika kabilang ang *Yasashii Nihongo*<br>(2) Magsanay ng mga boluntaryo upang makatulong sa pagsasalin (*tsuuyaku*) ng wika kung sakaling magkaroon ng sakuna<br>(3) Turuan ang mga dayuhang mamamayan patungkol sa mga sakuna at magsagawa ng mga Evacuation Drills<br>(4) Magsagawa ng mga drills para sa pagbubukas ng isang "Multilingual Support Center" sakaling magkaroon ng kalamidad |
| ③ Bumuo ng Multicultural City | 9. Ibahagi ang konsepto ng Multiculturalism sa Lungsod | (1) Hubugin ang komunidad upang ang mga mamamayang dayuhan at Hapon ay kapwa nakakabati ng may galak sa isa't isa<br>(2) Sama-samang magsagawa ng mga workshop at pagtitipon sa mga paaralan, kumpanya, at lokal na organisasyon upang mahikayat ang mga mamamayang Hapon na magkaroon ng kaalaman tungkol sa Multicultural Coexistence |
| | 10. Protektahan ang mga Karapatang Pantao (na lahat ay makapamuhay sa paraan na kanilang nais) | (1) Magdaos ng mga Exchange Events na magkasama ang mga mamamayang dayuhan at Hapon upang matutunan ang kaugalian at kultura ng isa't isa<br>(2) Hingin ang pang-unawa ng mga mamamayang Hapon upang masigurong ang mga mamamayang dayuhan ay hindi nakararanas ng diskriminasyon |
| | 11. Hikayatin ang mga dayuhang naninirahanan na lumahok sa mga proyekto ng Lungsod at maging mga aktibong miyembro | (1) Ibahagi ang impormasyon patungkol sa Neighborhood Association, Grupo ng mga Kabataan at mga aktibidad ng lungsod sa iba't ibang wika, kabilang ang *Yasashii Nihongo*<br>(2) Magdaos ng mga Meetings at Events upang kapwa mabatid ng mga mamamayang dayuhan at Hapon na sila ay magkaibigan na magkasamang namumuhay.<br>(3) Suportahan ang mga Volunteer Activities na pinangungunahan ng mga dayuhang mamamayan<br>(4) Suportahan ang mga magulang na galing ibang-bansa upang mahikayat ang kanilang mga anak na makasama sa mga gawain ng lungsod<br>(5) Ipakilala sa mga bata ang mga Foreign resident-role models |
| | 12. Suportahan ang mga proyekto ng mga residente sa Multiculturalism | (1) Suportahan ang mga gawain sa Multicultural Coexistence na pinangunahan ng mga residente<br>(2) Magsanay at mag-talaga ng mga Multicultural Coexistence Coordinators |
| ④ Bumuo ng Sistemang Sumusulong ng Multiculturalism | 13. Hikayatin ang Lungsod at iba pang mga organisasyon na magtulungan | (1) Makipagtulungan at makipagpalitan ng impormasyon sa mga pribadong kumpanya, Hello Work, Kagawaran ng Pulisya, NPOs, Local Organizations, atbp |
| | 14. Isama ang lahat ng kawani ng Lungsod sa mga proyekto | (1) Tipunin ang mga kawani ng City Hall at magdaos ng mga pagpupulong tungkol sa Multicultural Coexistence<br>(2) Magdaos ng mga sesyon ng pagsasanay sa Multicultural Coexistence para sa mga kawani ng City Hall |
| | 15. Makipagtulungan ang Lungsod hindi lang sa National at Prefectural Government kundi pati rin sa ibang mga lungsod para sa mga programa | (1) Makipagpalitan ng impormasyon sa National at Prefectural Government<br>(2) Makipagtulungan sa mga karatig-lungsod upang maipalaganap ang Multicultural Coexistence |